

## **County, Ipinagtibay ang \$7.36 Bilyong Badyet**

Inaprubahan ng buong Lupon ng Mga Superbisor ng County ng San Diego ang \$7.36 bilyong badyet para sa 2022-23 nitong Martes.

Ang bagong badyet ay nakaayon sa mga pangako para tugunan ang kalusugan ng pag-iisip, kawalan ng tirahan, pagkakapantay-pantay, hustisya sa lahi, at pagbabago ng klima, habang pinapanatili ang mahahalagang serbisyo sa kaligtasan ng publiko, paggamit ng lupa, at serbisyong panlipunan.

Pinasalamatan ng Tagapangulo ng Lupon na si Nathan Fletcher ang publiko para sa input, feedback, at paglahok nito sa maraming pulong at pagdinig sa badyet. Matapos banggitin ang motto ng County na, "ang pinakamarangal na pakay ay ang kapakanan ng publiko," sinabi ni Fletcher na kinilala ng Lupon ang mahalagang tungkulin nito sa pagpapanatiling ligtas ng komunidad mula sa krimen at mga emergency tulad ng mga wildfire, pero gumagawa rin ang County ng mas magagandang investment sa iba pang mahalagang serbisyo.

"Naniniwala akong ang badyet sa taon ng pananalapi 2022-23 ay salamin ng mga pinapahalagahan," sabi ni Fletcher. "Higit sa lahat, ganoon ang mga badyet. Hindi lang pera ang mga ito. Ipinapakita ng mga ito ang mga pinapahalagahan at isinasapriyordad, at kinikilala ng mga ito ang mga pangangailangan ng komunidad."

Ang ipinagtibay ng Lupon na \$7.36 bilyong badyet noong Martes ay \$208 milyong mas malaki kaysa sa badyet na inirekomenda ng County noong Mayo. Ito ay 1.8% na mas mataas sa 2021-22 badyet ng County.

Kasama sa ilang karagdagan sa inirerekomendang badyet na nagpataas sa pinal na plano ng paggasta ang karagdagang pera para sa mga gastusin sa paggawa batay sa mga negosasyon; para sa anim na karagdagang proyekto sa pagpapahusay; para sa pagbili ng twin-engine firefighting helicopter; at para sa isang pilot na programa na magre-retrofit, magpapatibay, at gagawa ng defensible para sa mga bahay sa lugar na madalas magkasunog. Mayroon ding karagdagang paggasta sa mga bagong sasakyan at karagdagang staff para sa pagpapatupad ng batas.

Ang pinal na ipinagtibay na badyet ay nag-i-invest sa ilang pangunahing larangan:

### **Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip at Paggamit ng Substance**

Nagdagdag ang bagong badyet ng \$81.9 milyon at 115 bagong posisyon para matulungan ang mga pagsisikap ng County na baguhin ang sistema nito sa kalusugan ng pag-uugali at ituon ito sa pag-iwas at tuloy-tuloy na pangangalaga, mula sa pagtugon hanggang sa pag-iwas sa krisis, at patuloy na pangangalaga para panatilihin konektado at malusog ang mga tao.

Patuloy na papahusayin ng badyet ang mga serbisyo para matulungan ang mga taong may mga problema sa kalusugan ng pag-iisip at sakit sa paggamit ng substance, habang nakatuon sa mga taong matagal nang tahimik na naghihirap, kabilang ang kabataan at mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Sinusuportahan ng badyet ang Mga Mobile Crisis Response Team ng County na nagpapadala ng mga eksperto sa kalusugan ng pag-iisip, sa halip ng tagapagpatupad ng batas, para tumugon sa mga taong nakakaranas ng krisis, kapag naaangkop.

Ang badyet ay mayroon ding iba't ibang resource para maitugma sa tamang uri ng pangangalaga ang taong nangangailangan — mga bagay tulad ng pangangalaga para sa pagpapagaling, mga serbisyong nakabase sa paaralan, mga serbisyo para sa mga foster na kabataan, mga tao sa mga pangmatagalang serbisyo ng pangangalaga at sa LGBTQ community.

### **Pabahay at Kawalan ng Tirahan**

Para ipagpatuloy ang mga pagsisikap na gumawa ng malaking pag-usad para tapusin ang kawalan ng tirahan, pinagsasama ng badyet ang suporta sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng substance at ang mga investment sa pabahay.

Kasama sa mga pinalaking investment ang \$11.9 milyon mula sa mga pondo sa pang-isang beses na stimulus para magtayo ng abot-kayang pabahay para mabawasan ang kawalan ng tirahan.

Bilang bahagi ng bagong badyet, noong Marso, inaprubahan ng Mga Superbisor ng County ang pagiging available ng karagdagang \$10 milyon para makabili ang mga lungsod ng mga shelter at matutuluyan para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Ang isang kamakailang pakikipagtulungan sa Lucky Duck Foundation at Lungsod ng San Diego ay magreresulta sa emergency shelter na may 150 kama na magbubukas ngayong tag-init.

\$3 milyon din ang gagamitin para gumawa ng mas abot-kayang pabahay para sa mga residente sa pamamagitan ng pag-waive sa mga bayarin sa permit para mahikayat ang pagtatayo ng mga accessory dwelling unit. Bukod pa rito, \$810,000 ang gagastusin para gumawa ng inclusionary na zoning ordinance kung saan iaatas sa mga bagong pagpapatayo na magsama ng pabahay na abot-kaya ng mga taong nasa median na antas ng kita o nasa mas mababa pa.

### **Reporma sa Hustisya**

Ipagpapatuloy ng bagong badyet ang mga programa ng County para kumiling ang sistema ng hustisya nito sa pag-iwas, rehabilitasyon, at pagsasanay para tulungan ang mga tao na maiwasan ang pagkakasangkot sa krimen at matagumpay na makabalik sa kanilang mga komunidad pagkatapos ng kustodiya. Kasama rito ang inisyatibang Mga Alternatibo sa Pagpapakulong. Sinusuportahang ng inisyatiba ang mga alternatibo sa kulungan at nagbibigay ito ng mga serbisyo at pangangalaga, kasam ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at pagpapa-sober, sa mga taong hindi nagdudulot ng banta sa kaligtasan ng publiko.

Mahigit \$140 milyon ang ipinuhunan sa mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan sa mga kulungan ng County para tulungan ang mga nagkasala.

Humigit-kumulang \$6.2 milyon ang gagamitin sa isang Youth Development Academy para matulungan ang mga kabataan na nakagawa ng mabibigat na krimen sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga mas masusi at mas pangmatagalang serbisyo para sa kalusugan ng pag-uugali, rehabilitasyon at pagpapaunlad ng kasanayan para matulungan silang makabalik sa ating mga komunidad.

Gagamit ang Probation ng County ng \$1 milyon para sa pagsasanay sa de-escalation para sa kanilang tauhan, na sumusuporta sa mga taong pinapangasiwaan nila.

Magdaragdag ng \$2.4 milyon sa Juvenile Diversion Initiative and Transitional Age Youth Diversion program sa opisina ng Abogado ng Distrito, para bigyan ang mga bata ng oportunidad na tumanggap ng mga serbisyo at pagpapayo sa halip na pag-uusig.

Magdaragdag ang Opisina ng Pamublikong Tagapagtanggol ng \$21.8 milyon at 90 tauhan para magtanggol ng mga kliyente, magkatawan ng mga imigrante at ng mahihirap sa ating mga kapitbahayan, at padaliin ang mga pagbalik sa komunidad.

Gagamit ang Abogado ng Distrito \$3.5 milyon at magdaragdag ng 18 posisyon para palawakin ang mga serbisyo sa mga naging biktima ng krimen, kabilang ang Sentro ng South Bay para sa Katatagan ng Komunidad at Pagpapalakas mula sa Trauma, at programa sa muling pagsesentensya.

### **Equity at Access**

Itutuloy din ng bagong badyet ang mga pagsisikap na ilakip ang equity sa lahat ng serbisyo at programa ng County.

Ipinatupad na Opisina ng County para sa Equity at Hustisya para sa Lahat ng Lahi ang bago nitong Tool sa Pagtatasa ng Equity ng Badyet na tumutulong sa mga departamento ng County na gawing prioridad ang mga serbisyo at alokasyon nang isinasaalang-alang ang equity. Gumagamit ang tool ng serye ng mga tanong para mas maunawaan kung paano naapektuhan ng mga paglalaan ang mga matagal nang marginalized at vulnerable na komunidad, iyong mga may mababang kita o iyong mga matagal na at kasalukuyang nahihirapan dahil sa hindi pagkakapantay-pantay.

Isinasama rin ng tool ang pakikipag-ugnayan sa komunidad, isang mahalagang bahagi ng mga operasyon ng County na papalawakin sa badyet na ito para magbigay ng mga oportunidad sa lahat ng miyembro ng komunidad na magkaroon ng mahahalagang gampanin sa mga talakayan at pagpapasya.

Magbibigay ng mas bukas na access sa mga serbisyo at impormasyon ang pinaraming mga serbisyo sa pagsasalin at interpretation.

Popondohan ang bagong Opisina ng Sustainability at Hustisya Ukol sa Kapaligiran (Office of Sustainability and Environmental Justice) ng \$3.5 milyon at magtatrabaho ito para matiyak na may pare-parehong proteksyon ang lahat ng komunidad laban sa mga panganib sa kalusugan.

At ang Opisina ng Mga Pamantayan at Pagpapatupad sa Paggawa ng County ng San Diego (San Diego County Office of Labor Standards and Enforcement) ay magsisilbing sentro para sa edukasyon at mga resource para sa mga employer at kanilang mga manggagawa. Magsasagawa ito ng pananaliksik at pagsusuri ng datos hinggil sa mga isyu ng manggagawa at gagawa ng mga hakbang sa pagpapatupad para protektahan ang mga manggagawa.

## **Sustainability at Paglaban sa Pagbabago ng Klima**

Naaapektuhan na ng pagbabago ng klima ang mga komunidad ng County ng San Diego, at nagsisikap ang County para matugunan ang isyu sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga pagbubuga ng greenhouse gas at pagpapabuti sa sustainability.

Mahigit \$25 milyon ang ipupuhunan para itigil ang mga pagbubuga ng greenhouse gas sa ating mga unincorporated na komunidad, kabilang ang \$1 milyon para suportahan ang mga istasyon para sa pag-charge ng electric na sasakyan.

Kulang-kulang \$60 milyon ang gagastusin para sa iba pang pagpapabuting pangkapaligiran, kabilang ang \$40 milyon para tugunan ang mga isyu sa stormwater, \$16.3 milyon sa Programa sa Pangangalaga sa Maraming Species (Multiple Species Conservation Program) at \$3.4 milyon para linisin ang Tijuana River Valley.

Isusulong ang green building at solar energy sa pamamagitan ng pagpapaliban ng tinatayang \$2.1 milyon sa mga bayad sa permit. Mahigit 3,500 puno na kokolekta ng mahigit 178,000 pounds ng carbon dioxide taon-taon ang itatanim sa county.

Mababawasan ang mga pagbubuga ng greenhouse gas — habang pinapalakas ang equitable na access sa pangangalagang pangkalusugan — sa paglalaan ng \$2 milyong para makabili ng dalawang karagdagang sasakyang Live Well on Wheels at isang bagong mobile na laboratoryo ng pampublikong kalusugan para maghatid ng mga serbisyo sa mga residente sa halip na hilingin sa kanilang bumiyahang mag-isa papunta sa mga tanggapan sa kalusugan.

## **Pagsuporta sa Mga Pamilya**

Kasama rin sa badyet na ito ang karagdagang pagpopondo at mga posisyon para tumuon sa mga pang-araw-araw na pangangailangan ng mga residente sa bahay at sa trabaho, lalo na ng mga pinaka-vulnerable.

Dinagdagan ng 60 posisyon ang Mga Pansuportang Serbisyo sa Bahay para sa mga nakatatandang adult at mga bulag o may kapansanan. 100 pang bagong posisyon ang nagpalakas sa mga kinakailangang serbisyo kasama ang CalFresh at Medi-Cal, para matulungan ang mga taong makuha ang pagkain at pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila. Magdaragdag ng 100 bagong posisyon ang Mga Serbisyo sa Kapakanan ng Bata para dagdagan ang suporta sa pagtugon sa emergency at de-kalidad na placement para sa mga bata sa pangangalaga, at para palakasin ang mga serbisyong pang-iwas at patuloy na pahasayin ang pagkonekta ng mga pamilya sa mga serbisyong nakabase sa komunidad.

Humigit-kumulang \$31 milyong natanggap sa pamamagitan ng Batas sa Plano ng Pagligtas sa Amerika ng 2021 ang patuloy na susuporta sa [balangkas](#) ng Lupon ng Mga Superbisor sa paggamit ng mga pondo, kabilang ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga kabataan at suporta para sa mga umuupa at mga programa sa nutrisyon.

Ang bagong Opisina ng Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Mga Gawaing Pampamahalaan (Office of Economic Development & Government Affairs) ng County ay magtataguyod ng paglago ng ekonomiya, magbibigay ng mga opotunidad sa sining at kultura, at magsasagawa ng mga programa ng grant na nakatuon sa mga organisasyong nonprofit at nakabase sa komunidad.

At ang bagong Opisina ng Pagsusuri, Pagganap at Analytics (New Office of Evaluation, Performance and Analytics) ng County ay gagamit ng datos at analytics para mas mapagbatayan ng mga pasyang nakakaapekto sa ating mga komunidad at nagpapahusay sa paghahatid ng serbisyo.

### **Pagpapaganda sa Mga Komunidad at Pagpapanatiling Ligtas sa Mga Ito**

Namumuhunan din ang badyet sa kaligtasan at kalidad ng pamumuhay.

Kasama rito ang \$2.9 milyon para sa lupa sa para sa pasilidad sa pampublikong kaligtasan sa hinaharap na nasa Interstate 15 at State Route 76, at \$250,000 para makapagsimula ng mga plano at disenyo para sa bagong istasyon ng bumbero sa Jacumba.

Bukod pa rito, magdaragdag ang Distrito ng Proteksyon Laban sa Sunog ng County ng San Diego ng \$2.2 milyon para protektahan ang mga komunidad at paliitin ang panganib ng wildfire sa komunidad sa mga unincorporated na lugar sa pamamagitan pamamahala sa mga halaman sa tabing-kalsada at paggawa ng mga fire break.

Magdaragdag ang Mga Serbisyo sa Pampublikong Kalusugan ng 71 bagong posisyon para patuloy na palakasin ang pangkalahatang kakayahan nitong protektahan ang kalusugan ng ating mga residente.

Gagastos ang badyet ng \$1.4 milyon para sa mga bago at pinalawak na parke ng County, kasama ang Calavo, Star Ranch, Lindo Lake, Park Circle at ang Waterfront Park. At popondohan ng \$1 milyon ang isang inisyatiba sa Access sa Pagkain para tumulong na gumawa ng mga hardin ng komunidad.

### **Pakikipag-ugnayan sa Komunidad**

Aktibong humingi ang County at Lupon ng Mga Superbisor ng County ng input mula sa publiko hinggil sa pagbuo ng badyet.

Nagsagawa ang County ng mga virtual na meeting sa badyet ng komunidad sa bawat isa sa limang distrito ng Lupon ng Superbisor; at nagsagawa ng mga pampublikong pagdinig noong Hunyo 13 at pagdinig sa gabi noong Hunyo 16. Gumawa rin ito ng website ng Plano sa Pagpapatupad at nag-alok sa mga tao ng pagkakataong magkomento online sa buong proseso ng pampublikong pagdinig.